# Kabanata 11:
# ANG KAMPANA

HINDI PA MAIDILAT NI Iska ang mata niya subalit aktibo ang mga tainga niyang marinig ang pag-uusap sa kaniyang tabi. Sigurado siyang nasa ilalim siya ng puno ng tipolo sa likod ng bahay nila. Alam niyang buhay pa siya. Nararamdaman niya ang sakit ng balakang pero kaya pa niyang tumayo.

Pamilyar sa kaniya ng boses ng mga nag-uusap. *Si Jane? Anong ginagawa niya rito.*

"Kaya ba talaga niya?" tanong ni Kenneth kay Jane. Iba ang dating ni Jane ngayon. Hindi siya ang Jane na palatawa at kikay. Nakasuot siya ng itim na blouse at itim na shorts. Suot nito ang pang-hiking na tsinelas. Bagaman hindi ganito kadalas ang pormahan niya, maganda pa rin ang kaibigan.

"Hindi naman siguro magpapadala si Bathala ng huling tagapagtanggol kung hindi ito malakas, 'di ba?" Si Jane. Hindi lubos makapaniwala si Iska na makikita niya ang kaibigan sa ganitong sitwasyon. Akala niya nasa beach ito. Ano't nandito rin ang kaibigan. "Saka, matagal ko nang kilala si Iska. Alam kong kakayanin niya."

"Wala nang natitira sa angkan ng tagapagtanggol. Si Iska na lang. Kung hindi siya magtatagumpay, tiyak na magdidilim na ang mundo. Sigurado."

Walang naisagot si Jane kay Kenneth. Pero alam nilang dalawa na ito



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 104 11/20/2024 8:07:02 AM

na ang huling pagkakataon ng Bakunawa upang kainin ang buwan. Ito na ang ika-isandaang taon mula nang sinubukan niyang kainin ito.

"Bakit ba kasi nawala ang kampana?" tanong ni Jane. "Kung nandyan lang ang kampana, hindi naman mahihirapan si Iska. Imbes na palakasin ang sarili, kailangan niya pang hanapin ang kampana. Doble pagod sa kaniya ito *for sure*."

"Ang napag-usapan sa pulong ng mga tagapagsanay, nanghihina na ang Bakunawa kaya kailangan na niya ang huling buwan upang lumakas muli. Tinulungan siya ng mga nilalang sa Huklob para magtagumpay."

"*For sure*, ginamit ni Hukluban ang Bakunawa upang sugpuin ang Hiwaga. Nakakatakot. Handa naman na ang lahat kung hindi lang nawala ang kampana. Hindi sana tayo nahihirapan ng ganito. Kung hindi dahil kay Hukluban, hindi mawawala ang kampana," paliwanag ni Jane.

Ramdam ng dalawa ang takot sa nalalapit na eklipse. Iniisip nila kung kakayanin ba ng natitirang tagapagtanggol ang lakas ng Bakunawa.

"Gawin na lang natin ang *best* natin para tulungan si Iska, Kenneth. 'Wag ka nang masyadong mahigpit sa kaniya," paalala ni Jane kay Kenneth. "Isipin mo na lang ang bigat ng misyon niya."

Hindi nagtagal, bumangon si Iska mula sa pagkakasandal sa puno ng tipolo. "Jane, 'andito ka pala." Ngumiti si Iska dahil sa wakas, may kaibigan siyang masasandalan sa panahong ito.

"Oo, bes. Nandito kami ni Kenneth para suportahan ka," sagot ni Jane.

"Narinig ko ang pag-uusap n'yo kanina. May dapat pa ba akong malaman?"

Sumagot si Jane. "Iska, ang mundong ginagalawan natin ay tinatawag na Hiwaga. Sa mata ng normal na tao, normal lang na mundo ang ginagalawan nila. Ngunit ang mundong ito ay may iba't ibang grupo na nagpapanatili ng *peace*."

Umupo si Iska sa tabi ni Jane. Si Kenneth naman, nakaupo rin sa harap nila. Nagpatuloy si Jane. "Ako ay mula sa angkan ng mga tagapangalaga. Layunin kong alagaan ang kalikasan dahil ito ang nagdurugtong sa atin sa mundo ng Hiraya. Ito naman ang mundo ng mga diwata. Wala itong konkretong lunan pero may sarili silang espasyo at konsepto ng oras."

Itinuro ni Jane si Kenneth. "Si Kenneth naman ay mula sa angkan ng mga tagapagsanay. Mortal ang pareho naming angkan ngunit bukas ang ikaanim na pandama namin sa ganitong bagay. Nalaman na lang namin ito after ng *sixteenth birthday* namin."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 105 11/20/2024 8:07:02 AM

"Ako? Ano'ng papel ko?" tanong ni Iska. "Si Bathala ang aking ama. Pero bakit hindi ko siya nararadaman?" dugtong nito.

Napangiti si Jane. "Iska, ikaw ang huling anak ni Bathala sa isang mortal. Gaya nina Mommy Jo mo, Tiya Oyang, at Tita Ela, ikaw ay mula sa angkan ng mga tagapagtanggol. Si Lola Da naman ay kagaya naming mga tagapangalaga. Kayo lang ang may kakayahang maglabas-masok sa mundo ng Hiraya," paliwanag ni Jane. "At dahil sa kakayahan niyong iyon, kayo rin ang naatasang magtanggol sa Hiwaga."

"Kasalanan ng mga mortal kung bakit nahihirapan tayong maramdaman ang Bathala at ang Hiraya. Unti-unting nasisira ang kalikasan dahil sa hindi maayos na mga pagputol ng puno. Ang mga nilalang sa Huklob, na mahilig sa dumi at gulo, ang siyang pinakanakikinabang dito," paliwanag ni Kenneth.

Malinaw na kay Iska ang lahat. Ito rin ang sagot sa mga bagay na hindi pa malinaw sa kaniya. Alam niyang marami pa siyang kayang gawin at kayang harapin. Mabuti at hindi siya nag-iisa sa misyong ito.

Nagising si Kiko mula sa pagkakatulog sa tabi ng puno ng tipolo. Hindi siya *perfect sidekick* kung mahina siya. Kaya mabilis siyang tumayo at lumapit kay Iska.

"So ano'ng kailangan kong gawin?" tanong ni Iska.

Sa tanong na ito, si Kenneth na ang sumagot. "Kailangan mo munang maging pamilyar sa kampana. Paano mo hahanapin ang bagay na hindi mo alam o kilala?"

Para silang may *group project*. Pumulot ng *stick* si Kenneth sa gilid ng puno ng tipolo at iginuhit sa lupa ang hugis ng kampana. Iginuhit niya ang *outline* nito sa lupa. Seryoso namang nakinig sina Iska at Jane.

Itinuro ni Kenneth ang pinakataas na bahagi ng kampana sa *drawing* nito. "Binasbasan ni Bathala ang kampanang ito. Sa matagal na panahon, dahil sa kampanang ito, hindi nagtatagumpay ang Bakunawa sa pagkain sa buwan."

Tila estudyante si Iska na nakikinig sa masungit na boses ng kasama.

"Ito ang pinakapuno ng kampana. Kailangan mong ingatan ang bahaging ito dahil ito ang ikinakabit sa mismong kampanaryo." Binilugan ni Kenneth ang bahaging iyon.

Muli, itinuro ni Kenneth ang palawit sa loob ng kampana. "Itong bahagi na ito ang nagbibigay ng tunog sa kampana. Kapag wala ito, walang bisa ang kampana kahit pa mahanap mo ito. Kailangang kumpleto ang kampana para gumana ito."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 106 11/20/2024 8:07:02 AM

Tumango naman sina Iska at Kiko. "Itong tatlong simbolo sa kampana, ang araw, buwan, at bituin, ito ang pinakadahilan kung bakit naging mabisa ang kampana sa pagpuksa sa Bakunawa. Si Bathala mismo ang gumuhit nito."

"Teka, 'yan rin ang palawit sa kuwintas na bigay nina Mommy Jo," sabi ni Iska.

"Oo, Iska. Kaya naman naming patunugin ang kampana, nang kami lang, pero hindi ito sapat sa Bakunawa dahil nasa iyo ang huling alas. Iyang kuwintas mo at ang dugo ni Bathala," daig pa ni Kenneth ang nagpaliwanag sa bata sa dami ng tanong at sinasabi ng kausap.

Inaawat naman ni Jane si Kenneth para hindi agad magalit. Si Jane ang panabla sa buhay nina Iska at Kenneth. Si Kiko talaga ay ang *trying hard sidekick* hanggang ngayon.

"Kumbaga, isang malaking *weapon* mo ang kampana, Iska, at kayong may dugo lamang ni Bathala ang kayang gumamit nito," dagdag pa ni Jane. "May iba kaming *roles*, ganoon."

Tumayo si Jane at kinuha ang pana at palaso na nasa gilid ng puno ng tipolo. Iniabot niya ang mga gamit na iyon kay Iska. "Makakatulong sa iyo ito. Ginawa namin ang sandata na ito upang puksain ang mga nilalang sa Huklob. Ang palaso na iyan ay may lason na kayang pumatay ng mga sigbin at ng iba pang nilalang."

Tinanggap ni Iska ang gamit. Isinukbit ni Iska ang pana sa likod na parang bag, ganoon din ang lalagyan ng mga palaso. "Kagaya lang ba ito ng mga pana sa telebisyon?"

Tumango si Jane. "Oo, Iska. At 'wag mong sayangin ang mga palaso. Lahat iyan ay espesyal dahil sa lason na inilagay namin dito."

Namangha si Kiko sa tapang na ngayon, sa wakas, ay ipinapakita ni Iska.

Naramihan si Iska sa impormasyon pero hindi niya hinayaang madala siya ng emosyon. Kailangan niya lang isa-isahin ang mga kailangang gawin. *One step at a time*, 'ika nga. Kailangan niya lang humakbang nang makarating sa paroroonan.

"Sasamahan n'yo ba ako?" tanong ni Iska.

"Iska, ako ang titingin sa pamilya mo. Kaya hindi kita masasamahan," sabi ni Jane. "Siguro si Kenneth pwede. Kung gusto niya. Basta tandaan mo, kailangan mo lang humakbang at maging matapang."

"Tapos na ang pagsasanay mo, Iska," sabi ni Kenneth. "*Well, congrats*."

Kinilig si Iska nang kaunti sa mga salitang iyon ni Kenneth. Nawala lahat ng pagod niya nang marinig ito. Wala namang malisya pero lalo



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 107 11/20/2024 8:07:02 AM

siyang kinilig nang hawakan ni Kenneth ang kanang balikat niya. Sana talaga mahanap niya agad ang kampana bago ang eklipse.

Lumapit ang tatlo sa puno ng tipolo, sa isang iglap, muli silang nakabalik sa likod ng bahay nina Iska. Sa kanilang bakuran kung saan magsisimula ang lahat. Naghiwalay na ang tatlo at tumungo na sa dapat nilang puntahan.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 108 11/20/2024 8:07:02 AM